タガログ語版／Tagalog Edition

# Gifu Prefecture Public Relations
# Balita mula sa Prepektura ng Gifu

**Oktubre, 2018**

●Populasyon sa Prepektura
**2,000,508 (nabawasan ng 477)**
Lalaki: 969,743 (nabawasan ng 256 katao)
Babae: 1,030,765 (nabawasan ng 221 katao)
※Hulyo 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.
※Ang ( ) ay inihambing sa nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division.

**Facebook「清流の国ぎふ」**
**Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!**
岐阜県 ミナモだより hanapin

**Prefectural Government Public Relations TV Program**
**「Gifu Prefecture Government Hotline」- Televise**
**(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57**
**(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58**

Ang「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」ay pinapalabas din sa ***Gifu Chan*** (Channel 8) !

Pindutin ang **"d" button** para makuha ang lokal na impormasyon!



## Highlights para sa Buwang Ito

## Art Maru-ket 2018 at Yoro Art Picnic sa Yoro Park


Nadegata Instant Party

### Art Maru-ket 2018
**Nadegata Instant Party**
**Proyekto sa Yoro Park**

Ang *'Nadegata Instant Party'* artist group ay mag-i-install ng bangketa sa Yoro Park na magpa-paramdam na para bang pumasok kayo sa mundo ng pantasya.

◆**Petsa:** Oktubre 13 (Sabado)~ Nobyembre 25 (Linggo)
◆**Bayad:** LIBRE
◆**Para sa Katanungan:** Gifu Museum of Fine Arts
☎058-271-1313 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)


Yoro Art Picnic (nakaraang taon)

### Yoro Art Picnic

Ang tema ngayon taon para sa picnic-style art event ay "ang simula ng abentura". Dumalo at maranasan ang mga abentura sa mundo ng sining.

◆**Petsa:** Nobyembre 3 (Sabado, piyesta opisyal), at Nobyembre 4 (Linggo)
◆**Bayad:** LIBRE (may bayad sa Yoro Site of Reversible Destiny)
◆**Para sa Katanungan:** Urban Parks Division
☎058-272-8664 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

## Kahon ng Impormasyon

### Impormasyon Rose Festival ng Tag-lagas

Tamasahin ang pinaka-makulay at mabangong panahon ng mga rosas sa Hana Festa nitong tag-lagas.

- **Petsa at Oras:** Oktubre 6 (Sabado)~ Nobyembre 11 (Linggo), 9:00~ 17:00 (huling admission 16:30)

※Ang fireworks concert "A Fantasy of Music and Light" ay gaganapin sa Nobyembre 3 (Sabado, piyesta opisyal)

- **Lugar:** Flower Festival Commemorative Park (Kani-shi)
- **Bayad:** Adulto= ¥1000, Libre para sa mga Senior High school students pababa
- **Para sa mga Katanungan:** Flower Festival Commemorative Park
  ☎ 0574-63-7373 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- **Hanaping Salita:** 花フェスタ

### Impormasyon Bumili ng Halloween Jumbo Lottery (*Takarakuji*) sa loob ng Prepektura!

Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, mga proyekto para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili ng loterya, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu.

- **Petsa ng Pagbebenta:** Oktubre 1 (Lunes) ~ Oktubre 23 (Martes)
- **Para sa mga Katanungan:** Finance Division ☎ 058-272-1130 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

### Impormasyon Ang Oktubre ay "Bone Marrow Donor Promotion Month"

Ang bone marrow o peripheral blood stem cell transplantation ay isang epektibong paggamot sa mga sakit sa dugo tulad ng leukemia. Dito sa Japan, mayroong higit sa 3,000 na mga pasyente ang nag-aantay para sa transplant.

Hinihiling ang inyong kooperasyon sa pagrehistro bilang mga bone marrow donors dahil ang isang donor ay makakabigay ng pag-asa ng transplant para sa madaming pasyente.

●**Lugar:** Gifu Red Cross Blood Center o isa sa Public Health Centers ng rehiyon (ng Gifu, Seino, Seki, Touno, Hida)

●**Para sa Katanungan:** Public Health at Medical Treatment Division ☎ 058-272-8276 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Japan Bone Marrow Donor Registry ☎ 03-5280-1789 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** 日本骨髄バンク

**Pangangalap Tumatanggap ng mga Aplikasyon para sa Seiryu no Kuni Gifu Community Work Support Project**

Nangangalap ng mga aplikante para sa Seiryu no Kuni Gifu Community Work Support Project, na sumusuporta sa malikhaing pangangalaga sa kapaligiran na isinasagawa ng iba't ibang mga organisasyon.

●**Petsa ng Aplikasyon:** gitna ng Oktubre hanggang katapusan ng Disyembre

●**Target:** Organisasyon na nakabase sa Gifu at mga korporasyon na may opisina sa Gifu

●**Bilang ng mga Subsidies:** higit kumulang 40

●**Submission ng Aplikasyon:** Forestry Divisions at Regional Agriculture and Forestry Offices

☎058-272-8472 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** 清流の国ぎふ森林・環境税

**Impormasyon Pagbukas ng "Gifu Agricultural Festival"**

Pinakamalaking pang-agrikulturang kaganapan sa loob ng prepektura, kung saan nagsasama-sama ang mga lokal na pang-agrikulturang industriya sa rehiyon upang magbenta ng kanilang sariwang gulay, prutas, mga hayop at processed goods. Inaanyayahan ang lahat na dumalo.

●**Petsa:** Oktubre 27 (Sabado), 10:00~ 16:00

Oktubre 28 (Linggo), 9:00~ 16:00

●**Lugar:** Sa paligid ng Gifu Prefectural Office (Gifu-shi)

●**Para sa mga Katanungan:** Agricultural Products Distribution Division

☎ 058-272-8417 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** 農フェス

**Pangangalap Musical Exchange Project kaakibat ng Lithuania**

Bilang exchange sa Lithuania, magtatanghal ng konsyerto ang "Viva Voce" choir mula sa Dvarionas Music School.

●**Petsa:** Nobyembre 18 (Linggo) 18:00 (nakaiskedyul)

●**Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi)

●**Kapasidad:** 400 katao (first-come first-served) ●**Bayad:** LIBRE

●**Pamamahagi ng Numbered Tickets:** Gifu Seiryu Bunka Plaza, 1F Main Entrance sa Oktubre 18 (Huwebes)

※Ang mga may numeradong tiket ay bibigyan ng priority entry.

●**Para sa mga Katanungan:** Gifu Foundation for Education and Culture

☎ 058-233-8164 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

●**Hanaping Salita:** ぎふ清流文化プラザ文化振興事業

## Agad Tumanggap ng Disaster Information!

Mangyaring gamitin ang "Gifu Prefecture General Disaster Management Portal" (*Gifu-ken Sogo Bosai Portal*) upang agarang makatanggap ng impormasyon sa panahon ng kalamidad. Maaaring magrehistro upang makatanggap ng mga alarm messages na may impormasyon ng kalamidad mula sa inyong rehiyon. Nagpapadala rin kami ng impormasyon sa social media.

**Facebook:** 岐阜県危機管理部 **Twitter:** @gifukenkiki

**Hanaping Salita:** 岐阜県防災

岐阜県　危機管理　フェイスブックまたはツイッター

**Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Agosto 24, 2018.**
**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**
☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center http://www.gic.or.jp/